

# 1

“Sir, line one. Si Miss Lindsey po,” anang sekretarya sa intercom.

Mabilis munang pinirmahan ni Troy ang huling papeles na nasa desk bago iniangat ang telepono.

“Hey, Hon,” he greeted.

“Honey, where’s your phone?” agad na tanong ng kasintahan.

Hinanap niya sa desk ang cellphone at nang hindi makita ay naiiling na nagsalita.

“I have no idea, Hon, I’m sorry. Naiwan ko siguro sa kotse. How are you? Miss na kita,” aniya, tinitigan ang photo frame sa desk niya na may larawan nito.

She was wearing blue jeans and a white tank top in the picture. Nakasuot pa ito ng baseball cap. Her honey skin glistened under the sun. He personally took the picture when they watched a baseball game in New York last year. Naroon ito ngayon at binisita ang matalik nitong kaibigan na sa States nagtatrabaho.

“I miss you, too,” mabilis nitong sagot. “And

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

please locate your cellphone ASAP. Kanina pa ako tawag nang tawag sa 'yo, ah."

"I will, I'm sorry. Ang dami ko lang inaasikaso. I'm taking over this restaurant na papalugi na and it's taking all my time."

"Kahit naman wala kang trabaho wala ka paring pakialam sa cellphone mo, eh," pakli nito. "You should have come with me."

"We'll have our own vacation soon, I promise," sabi na lang niya para matigil na ang pag-nag nito. "So, how are you? Ready ka na ba sa flight mo mamaya?"

"Speaking of that, ma-e-extend ang stay ko dito. Sam decided to quit her job at sasama na lang sa akin pabalik," tukoy nito sa dinalaw na kaibigan.

"What do you mean she's quitting her job? Di ba sabi mo sa 'kin kapo-promote lang sa kanya?"

"Yeah, she was made manager sa isang branch ng company nila but Sam discovered she doesn't like it."

Umikot ang mga mata niya. "At bakit niya gustong umuwi? Bakit hindi na lang siya diyan maghanap ng ibang trabaho?" Hindi niya itinago ang disgusto sa desisyon ng kaibigan ng girlfriend.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

Samantha back in the Philippines would bring chaos to his life once again. Nililigawan pa lang niya si Lindsey ay halata na niyang ayaw sa kanya ng best friend nito. Fresh graduates ang mga ito noon at twenty-four naman siya.

Kahit nobya na niya si Lindsey ay nararamdaman pa rin niya ang disgusto sa kanya ni Sam. Friendly itong makiharap. He was not sure if he would even call it friendly. Sarcastic was more like it.

Well, the feeling was mutual. Hindi lang siya kasing-prangka nito sa pagpapakita ng nararamdaman.

She was promiscuous and rude. She was indifferent to almost everything around her. Malamig itong makitungo. Isa lang ang kilala niyang pinahahalagan nito—si Lindsey—ang girlfriend niya. Kaya kahit gusto nilang sakalin ang isa't isa ay hindi maiwasan na magkasama sila. They both adore Lindsey. At wala sa kanilang dalawa ang handang magbigay.

Parang nakikita niya sa isip ang night outs ng dalawa pag-uwi ng mga ito. He was hating Samantha more by the minute.

“She’s bored. Kilala mo siya,” sagot ng kasintahan.

Bigla ay may narinig siyang ibang boses sa linya.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

“Hey, is that Troy? Tell him thanks for rejecting my friend request.” The woman’s voice was sneering. “Asshole,” pahabol pa nito. It was Samantha.

“Sabihin mo, akala ko kung sino siyang porn star kaya di ko pinansin,” derecho niyang sagot.

“Alam mong hindi ko ’yan masasabi sa kanya,” halos pabulong na sagot ni Lindsey pero halatang natatawa. “Anyway, we’ll be there by next week. Puwede ba akong humingi ng favor sa ’yo?”

“Ano ’yun?” kunot-noo niyang tanong, kabado. Hindi niya gusto ang salitang ‘favor’ galing dito kapag kasama nito ang kaibigan.

“You see, ayaw ni Samantha na umuwi sa bahay nila when she gets there kaya hahanap siya ng ibang place na matutuluyan. I offered our place pansamtala.”

“What?” bulalas niya. “I cannot live with her!”

“You’re not gonna live with her for long. Siguro two weeks, tops. Hindi rin iyon tatagal na kasama ka. I’m sure hahanap agad siya ng malilipatan.”

“Why don’t she stay in a hotel or something? Mapera siya, right?”

“Hon, ano ka ba? She’s my best friend. I want

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

to spend time with her.” Bigla ang pagbaba ng boses nito.

“No. Magdadalawang linggo na kayong magkasama diyan. I think that’s enough time already. Hon, she’s a big girl. She can find herself a nice hotel pagdating dito.”

“You’re so mean.” Nakikini-kinita niya ang pagsimangot ng kasintahan and he smiled.

“Just hurry up and come home, okay?”

“Okay. Behave while I’m gone. I’ll be there in a week.”

“I love you,” paglalambing niya rito para hindi na magalit sa hindi niya pagpayag.

“I love you, too. ‘Bye, Hon.’”

Naiiling na ibinaba niya ang telepono at idinako ang tingin sa nagtataasang building na tanaw sa glass walls ng opisina. Binalikan niya ang araw na nakilala niya ang magkaibigan.

“*Puntahan mo na! Nasa loob na ’yun, I’m telling you, Troy, she’s very pretty,*” udyok ni Francis, barkada niya at ang nagtulak sa kanyang makipag-blind date sa kaibigan ng kapatid nito.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

“Bakit ba sa lahat ng barkada natin ako pa talaga ang napili mong dalhin dito?” kunsumido niyang tanong habang nasa kotse at pinag-iisipan kung itutuloy ba ang gusto ng kaibigan.

“Kasi ikaw na lang ang walang girlfriend,” pakli nito.

“That doesn’t mean I don’t have girls,” nasusurang balik niya. He might not have a steady relationship, pero hindi nade-deprive ang pangangailangan niya.

“Just go on with it. Nandito na tayo,” nahahapong utos ni Francis.

“All right, fine,” asar niyang pagpapatianod at lumabas na ng sasakyang bago muli itong niyuko. “If this goes badly, you’ll pay big time.”

Pagpasok niya sa primera klaseng restaurant ay agad niyang nilibot ng tingin ang paligid para sa isang babaeng nakasuot ng pulang bestida at may mahabang buhok gaya ng sinabi ni Francis. Parang pulos may kapareha ang mga naree. Nahirapan siyang maaninag ang suot ng mga kababaihan dahil dim-lit ang buong restaurant. Napakayumi ng ilaw na isinasabog ng mga chandeliers na nakasabit sa kisame. But the effect was great na lalong pinaganda ng malamyos na musika na pumapailanlang sa ere ng

*buong lugar.*

*Dahil hindi makita ang hinahanap ay lalabas na sana siya. May marinig siyang sumutsot. Hindi niya ugaling lumingon sa ganoong pagtawag pero kunot-noo niyang hinanap ang pinanggalingan niyon. He could not quite believe na may maglalakas-loob na gawin iyon sa isang sikat na restaurant.*

*Sa isang sulok na hindi nadaanan ng mga mata niya, nakita niya ang gumawa niyon. Hindi sana siya lalapit dahil hindi siya siguradong siya nga ang tinatawag at hindi ito nakapulang bestida. Pero nang kawayan siya nito at tumayo ang babae ay napalapit siya.*

*Sa malayo ay ordinaryo lamang ang hitsura ng dalaga kaya hindi niya napaghandaan nang makita ito nang malapitan. Francis did say the girl was very pretty. Now he was a believer.*

*Nakasuot ito ng putting loose sleeveless top na hindi umabot sa pusod nito. Ang waist band ng navy green na cargo pants ng dalaga ay humahakab sa balakang nito. He couldn't see an ounce of excess fat, just a velvety-smooth curve. Nadaanan din ng mga mata niya ang suot nitong pares ng slides na kulay puti.*

*Nang dumako ang tingin niya sa mukha nito ay*

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

*nakita niya ang kulay tsokolate nitong mga mata na natatabunan ng malalantik na pilik. Parang kumikinang ang mga iyon. Kung dahil sa ilaw na nanggagaling sa chandelier ay hindi niya alam. The girl had light brown hair na baka dala na rin ng repleksyon ng ilaw. Nakapusod iyon sa likod nito at ang kulot na buhok na naiwan ay pasaway na nagsasayaw sa magkabilang gilid ng mukha nito.*

*Her nose was the prettiest shape and her lips appeared like she was smiling at him kahit walang kahit anong bahid ng ngiti sa mga mata nito. She had a long, slender neck that was as beautiful as the lady herself.*

*“Ikaw si Troy?” nakataas ang kilay nitong tanong. The distaste on her face was apparent.*

*Heaven only knows why.*

*“Yes. Are you Lindsey?” umaasa niyang tanong. If this was Lindsey then Francis was not lying. She was unbelievably gorgeous despite her loud get up.*

*“Ilang taon ka na at ano’ng trabaho mo?” sa halip ay tanong nito at biglang inabot ang kaliwa niyang kamay at sinuri ang kanyang mga daliri.*

*“I’m twenty-four. I own a business and... what are you doing?” hindi na niya napigilang itanong.*

---

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

*Patuloy pa ring ini-examine ng malalambot nitong mga kamay ang mga daliri niya bago binitawan.*

*“Just checking if you’re married or not. Walang singsing o palatandaan na may sinusuot kang singsing so you’re okay, I guess.” Nagkibit-balikat ito at sa pagkalito niya ay may tinawagan. “You can come now, Linds.”*

*“Who are you?”*

*“I’m Samantha, Lindsey’s best friend. Sinisiguro ko lang na hindi kung sinu-sino lang ang ka-date niya ngayon,” sagot nito pagkatapos makipag-usap sa telepono. “Oh, here she is.”*

*And finally the lady in red materialized. She was very pretty indeed— just as Francis described her. Pero biglang-bigla ay hindi na siya interesadong makilala pa ang bagong dating. His whole attention refused to leave the lady in cargo pants.*

*“Take care of her,” nakataas ang kilay nitong paalala bago nilisan ang lugar at iniwan silang dalawa ni Lindsey.*

Later on that night ay na-enjoy rin niya ang company ni Lindsey who was really sweet and smart. Hindi ito katulad ng ibang babae na katawan lang ang maipagyayabang. Nalaman niyang cum laude ito

---

### *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

nang magtagpos. He felt a connection with her kaya hindi na niya ito pinakawalan.

He pursued her despite Samantha's disapproval. Halos ligawan na rin niya ang babae para lalong mapalapit kay Lindsey.

Dahil na rin siguro sa kaprangkanahan ni Samantha at sa tahasang pag-ayaw nito sa kanya kaya nawala ang kung anong pagkaakit na naramdam niya rito noong una. Idagdag pa na pakiramdam niya ay kaagaw niya ito sa oras ni Lindsey. Nababawasan lamang ang pagkuha nito sa atensyon ng nobya niya kapag may boyfriend ito. Na hindi niya alam kung bakit ikinabubuwisit niya. Basta naiinis siya kapag may karelasyon si Samantha.

Minsan ay pinakiusapan siya ni Lindsey na puntahan ang best friend sa apartment nito dahil ilang araw na umano itong hindi nagpakita o nagparamdam man lang.

*Nasa tapat pa lang ng pinto ng kalapit nitong apartment ay rinig na niya ang halakhak at tili ni Samantha. Napapabuntong-hiningang humarap siya sa pinto nito at nagulat nang biglang bumukas ang pinto nang ilapat niya ang kamay para kumatok. Hindi pala nakasara.*

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

*Nakita niya si Samantha na panay ang tawa habang nag-da-dance revolution kasama ang isang lalaki na noon lamang niya nakita. Nakasuot ito ng manipis na short na halos kasing-ikli lang ng undies nito at oversized na t-shirt na pinutulan sa laylayan kaya hantad ang manipis nitong tiyan.*

*Ang makinis nitong balat ay nakalantad na. Gusto niyang magalit sa sarili sa epekto ng nakabilad nitong katawan sa kanya. Kung hindi pa siya nito nakita paglingon ay baka kung saan-saan pa naglakbay ang isip niya.*

*“Troy?” tawag nito, nilapitan siya. Pinapasok siya nito.*

*Her forehead glistened with fresh sweat. Ang buhok nito ay nakapusod ulit, may headband pa. Tumaas-baba ang dibdib ng dalaga who—damn her—was not even wearing a bra!*

*“Ano’ng ginagawa mo dito?” patuloy nito.*

*“Nag-aalala sa ’yo si Lindsey, hindi ka raw niya ma-contact. Hindi siya makapunta dito dahil busy siya sa bagong kliyente nila kaya ako na lang,” he said, trying to sound casual. “Where’s your phone?” kunwa ay iritado niyang tanong.*

*“I don’t know, I lost it somewhere,” sagot nito.*

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

*“Pakisabi kay Linds okay ako at pupuntahan ko siya mamaya. Medyo busy lang kasi dumating nitong nakaraang araw galing sa States iyong isang friend ko.”*

*“Friend?” ulit niya, kunot-noong tiningnan ang lalaki sa apartment nito na naka-boxer shorts lang.*

*Mula kanina ay hindi pa rin ito tumitigil sa kasasayaw.*

*“Yeah, friend. I have friends you know, hindi katulad mong si Lindsey lang at ako ang kilala,” nakairap nitong pakli.*

*“I have friends!” defensive niyang sagot. “I just don’t run around almost naked around them.” He stressed the word ‘naked’. Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit nag-iinit ang ulo sa kaalamang may kasama itong lalaki sa apartment nito.*

*Napahalakhak ito. “It’s a riot, I tell you.” Tinapik pa nito ang kanyang dibdib. “Anything else?”*

*“N-nothing,” he stammered. Why did she need to touch him at all?*

*“Then bye-bye, Troy!”*

*Napipilitang lumabas siya ng pinto nito at habang naglalakad ay muling narinig ang halakhak nito which drove him nuts.*

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

Napapabuntong-hiningang hinilot niya ang sentido at pilit ibinalik ang atensyon sa trabaho.

## 2

“Tutulungan kitang makahanap agad ng matitirhan. Masyadong mahal kung magtatagal ka sa hotel,” apologetic na pahayag ni Lindsey habang naglalakad sila patungo sa arrival area ng airport.

“Huwag kang mag-alala, I’ll be fine. Para namang hindi ako sanay dito. I can easily find a place to stay without bothering you. Ang dami mo nang na-miss sa trabaho mo dahil sa ’kin,” sagot ni Samantha habang tulak-tulak ang luggage cart na naglalaman ng buong buhay niya sa States.

Apat na taon ang binuno niya roon sa trabaho, hindi pa kasali ang mga taong inilagi nilang mag-iná. Anim na taon siya nang na-petition ang mommy niya ng pangalawa nitong asawa na isang Amerikano. Noon nga sila lumipat doon.

They stayed there for five years at nang maghiwalay ang mommy niya at ang pangalawa nitong asawa ay bumalik sila kaagad sa Pilipinas.

Ang pagpunta niya sa States para magtrabaho ay walang kinalaman sa pagtira niya roon minsan. Nagkataon lang na ang interior designing company

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

na pinapasukan niya ay nagkaroon ng malaking project sa America.

She was supposed to stay there for only two months pero may nag-pirate sa kanyang kompanya. They offered her a two-year contract at na-extend pa iyon. Before the end of her second contract ay na-promote siya. She was told na kaya na niyang pamahalaan ang isa sa mga branches ng kompanya sa New Jersey na ikinatuwa niya.

Bandang huli ay naisip niyang mas maganda kung magsimula na lamang siya ng sariling negosyo sa Pilipinas. That way, she would be the boss. Ganoon din karami ang magiging trabaho, hawak pa niya ang oras.

Ang kaibahan lang ay talagang mangangapital siya. It was not a problem though dahil malaki na rin ang ipon niya. Nang bisitahin siya ni Lindsey, na-realize niya kung gaano niya na-miss ang Pilipinas at ang best friend. Naging desidido tuloy siya na ituloy ang plano.

“I’m a photographer, Sam. If anything, mas nakatulong pa ang pag-stay ko nang matagal sa States. I took a million photos so marami akong pagpipilian for my exhibit. So, hindi mo dapat isipin na nakasagabal ka sa work ko. I’m really sorry you’re

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

not staying at our place. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi kayo magkasundo ni Troy,” naililing nitong pahayag.

*Troy.*

She missed him terribly, too. Pero isa rin ang lalaki sa mga rason kung bakit nagdalawang-isip siya sa pagbalik sa Pilipinas. She quickly took her mind off him.

“He’s really a piece of horror. I can’t believe hindi niya ako pinayagang tumira sa inyo kahit pansamantala.”

“Here he is, be nice,” mabilis nitong susog.

Napasunod ang tingin niya sa direksyon na tinutukoy nito. He was wearing his usual black slacks and white shirt na nakatupi ang manggas abot sa siko. Hindi nagbago ang porma ng katawan nito. His lean muscles were apparent in his simple clothes. His hair was longer than the last time she had seen him nang bumisita ang magkasintahan sa kanya a year ago. Umaabot na iyon sa batok nito which made his get up a bit off because his face was a rugged contrast to what he was wearing. Smiling from ear to ear, kitang-kita ang mapuputi at pantay-pantay nitong ngipin. His deep, black eyes were sparkling habang

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

nakatingin kay Lindsey.

How many times had she wished na para sa kanya ang tingin na iyon? She quickly cursed herself for even thinking that and plastered an acerbic smile on her lips nang tuluyan itong makalapit.

“Hey, Beautiful!” Sinalubong nito ng yakap si Lindsey and kissed her lips for what seemed to be longer than necessary.

Umikot ang mga mata niya at sa wakas ay tiningnan siya nito.

“Hey, Sam, you look...” A grin formed on his lips habang tumaas-baba ang tingin nito sa kanya na tila naghahanap ng magandang sasabihin. Pagkuwa'y bumalik ang mga mata nito sa kanyang mukha. “... pale.”

She smiled sweetly na hindi umabot sa kanyang mga mata. Alam niyang namumutla talaga siya ngayon dahil winter sa States at ilang buwan na siyang hindi naaarawan.

“It’s good to see you, too, Troy. Alam mo, I was browsing on *Facebook* before the flight and I stumbled upon this profile pic that looks exactly like you.” She squinted her eyes. “Just a bit older, and balder—and guess what?” Nagkibit-balikat siya, pinakatitigan ito.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

“Now I realize it really was you!” She loved the way his thick eyebrows furrowed afterwards.

“Very funny.” Nakangiti ito pero asar na nakatingin sa kanya.

“Hilarious,” mabilis niyang pakli.

“Oh my God, wala pa kayong isang minutong magkasama nag-aaway na agad kayo,” napapalatak na bulalas ni Lindsey, pumagitna sa kanila.

“I’m sorry,” nakataas ang kilay niyang saad. Itinulak na niya ulit ang luggage cart. “Sa Victoria Hotel ako mag-i-stay for a while. Malapit ’yun sa apartment n’yo, di ba?” baling niya kay Lindsey na inaakbayan ni Troy.

“Yeah. It’s good na ’yun ang napili mo, we can see each other any time we want.”

“Let’s rest for now and go out tonight,” bigla ay na-excite niyang sabi.

Na-miss niya ang paggimik sa Pilipinas nang nasa States siya. Kapag narito, parang lahat ng nasa bar ay kakilala ang isa’t isa. And for her, the best musicians in the world are in the Philippines.

“You’re going out tonight?” ani Troy. “Wala ka bang jet lag? You should sleep it off first.”

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

“I’m too young for jet lags, Troy, and so is Lindsey. Don’t worry, hindi ka invited. It’s just gonna be me and my best friend.”

Umiling-iling ito. “Not happening. Baka magpakalasing ka na naman at pamproblemahin pa siya kung paano ka iuuwi.” Nagpatiuna na ito sa nakaparadang sasakyen. Binuksan nito ang compartment para sa mga gamit nila.

Nagkibit-balikat siya. “If you wanna play bodyguard, suit yourself.”

“I’m not going as your bodyguard. I’ll be my girlfriend’s date. Mean girls like you don’t have dates, right?” he jeered.

“Oh, thanks for reminding me,” she answered in a similar tone. Pagkatapos ay pumasok na sa backseat at malakas na isinara ang pinto sa mukha nito.

Nakita niya mula sa bintana ang tila pagtitimpi ni Troy bago nito kinausap si Lindsey. Di nagtagal ay magkasabay nang pumasok ang dalawa.

“Sam, I’m sorry. Actually, I feel tired. Bukas na lang tayo lumabas, magpahinga muna tayo today.”

Muli niyang nilingon si Troy na patay-malisyang sinusian ang sasakyen at nagsimulang magmaneho.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

Tumango lang siya at nginitian ang kaibigan bago inirapan ang kasintahan nito. Sigurado na niyang iyon ang pinag-usapan ng dalawa sa labas. Nanatili na lamang siyang tahimik. She gave the couple privacy to talk. Halos tatlong linggo rin na hindi nagkita ang mga ito.

---

Napailing si Troy habang pinagmamasdan nilang dalawa ni Lindsey si Sam na tulog na tulog sa backseat ng sasakyang niya. Nasa harap na sila ng *Victoria Hotel*. Kanina pa nila tintingnan ang himbing na si Samantha.

“And she wants to go out tonight?” he mocked.

“She’s knocked out,” sagot ng girlfriend. “Biglaan ang naging desisyon niyang umuwi. Napagod siya sa pag-eempake at pagliligpit ng mga gamit niya. Wala pa siyang tulog.”

“Gigisingin ba natin siya?” di siguradong tanong niya.

He didn’t have the heart to wake up the angel. She looked like a baby. Nakabaluktot ito sa upuan. As usual, Sam’s hair was pulled tight at the back, exposing the smooth line of her neck. She was noticeably paler than the last time he saw her, but her

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

lips were cherry-red and luscious looking. In black jeans, blue t-shirt, and sweater ay litaw na litaw pa rin ang hubog ng katawan nito. Nagtataka talaga siya kung bakit hanggang ngayon ay wala pa itong steady na karelasyon. She was exceptionally beautiful...

“It’s up to you. Ikaw diyan ang ayaw na patuluyin siya sa apartment.”

Mabilis niyang ibinalik ang tingin sa kasintahan. Ngayon pa lang ay nag-i-guilty na siya sa tinatakbo ng isip. Akala niya ay naglaho na ang lahat ng paghangang naramdaman niya noon para kay Samantha. But seeing her today after so many years...

Tila hindi sila nagkahiwalay. He was evidently a bastard for having such feelings para sa best friend ng girlfriend niya.

“Wake her up,” mabilis niyang desisyon. Ayaw man niyang istorbohin ang tulog nito ay mas makabubuti na mawala na ito sa kanyang paningin.

He didn’t like the way his imagination was working around her. At nagwawala na iyon mula nang makita niya ang babae kanina. And he hated the guilt-feeling that was eating him everytime he thought of Samantha.

“Ikaw na,” utos sa kanya ni Lindsey na halatang

ayaw gisingin ang kaibigan.

“Okay,” nilakasan niya ang volume ng speakers and just as he expected Sam almost jumped out of her clothes nang halos gibain ng *Maroon 5* ang buong kotse niya.

“What the hell?” gulantang nitong sigaw at hinampas pa ang balikat niya nang makabawi.

“I cannot believe you, Troy!” Si Lindsey na napapalatak rin.

“What?” defensive niyang bulalas. “Sinabi mong gisingin ko siya.”

“Oo nga, pero hindi sa pagbasag ng speakers mo.”

“I don’t like you at all,” umiiling na duro sa kanya ni Samantha bago hinalikan si Lindsey sa pisngi. “I’ll call you, Sweets.”

“Gusto ko rin ng kiss!” nakangisi niyang pahabol pero middle finger nito ang isinagot ni Samantha. “How so unladylike!”

Hinintay muna nila na tuluyang maipasok ng bellboy ang mga gamit nito sa lobby bago niya muling pinaandar ang sasakyang.

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

“Why do you hate her?” tanong ni Lindsey habang nasa daan sila.

“I don’t hate her. Nakikibagay lang ako sa pakikisama niya. I respect her... kind of,” aniya, nilingon ang kasintahan.

“Alam mong siya lang ang nag-iisa kong kaibigan who knows me and truly cares for me.”

“Honey, alam ko.” Ginagap niya ang kamay nito at banayad na hinalikan. “And I do like her. Nagbibiruan lang kami, hindi kami seryoso. Alam mo ’yon, di ba?”

“Kahit na,” reklamo pa rin nito. “Nahihirapan ako sa tuwing nakikita kayong nag-aaway. I can’t choose between you two, you know.”

“Hindi kailangan,” mabilis niyang sabi. “I will never have you choose between us. I know my place and...” Natigilan siya. “...maybe she doesn’t? But I’ll be the one to adjust, promise. At puwedeng huwag na natin siyang pag-usapan? Kumusta ka na? Na-miss kita...”

Napangiti na rin ang kasintahan. “I miss you, too, Hon. I brought you something nice.”

“What is it?” mabilis niyang tanong.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

Nagpapasalamat at kahit sandali ay naiba ang paksa ng usapan.

---

“Welcome home,” walang ganang saad ni Samantha nang marating ang kuwartong nirentahan.

Typical hotel room. Isang queen size bed ang nasa gitna ng silid, may living room set sa gawing kanan at sa kaliwa ay ang pinto patungo sa restroom. May sliding glass doors na sa hula niya ay palabas ng veranda overlooking the whole city.

May television set din and personal refrigerator, built-in closet na kulay krema katulad ng buong kuwarto. The floor was carpeted and the room smelled of hotel air freshener. Naroon na ang mga gamit niya pero wala pa siyang ganang mag-unpack.

Binitawan niya ang bitbit na oversized shoulder bag sa sahig at patamad na naglakad sa sofa at sumalampak roon. Inabot niya ang cellphone na nakakuwintas na sa kanya dahil kung saan-saan niya iyon nakakalimutan.

“Hello?” sagot ng lalaki sa kabilang linya.

She had never heard his voice before but was sure she dialed the right number.

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

“Gusto kong makausap si Beth.”

“Sino ’to?”

“Pakisabi si Samantha.”

Hindi nagtagal ay narinig niya ang excited na boses ng ina sa kabilang linya. “Samantha? Nasaan ka?”

“Nasa Pilipinas na. Kumusta?” she asked casually.

“Nasa Pilipinas ka? Saan ka tumutuloy? Bakit hindi ka umuwi dito sa bahay? Kelan ka dumating?” sunud-sunod nitong tanong.

“Magbubukas ako ng sarili kong business dito sa Manila, Ma, kaya di na ako tumuloy diyan. May mga pasalubong ako. I’ll have them delivered tomorrow. Kadarating ko lang ngayon and I’m tired. ’Andito ako sa *Victoria Hotel* sa Ortigas.”

“Bakit hindi ka man lang nagpasabing uuwi ka, sana man lang nasundo kita.”

Umikot ang mga mata niya. “Biglaan, Ma. Anyway, I just called to tell you I’m here. Baka bumisita ako diyan one of these days, hindi ko pa alam.”

“Miss na miss na kita, Anak. Bakit hindi ka muna pumunta dito ngayon o bukas?”

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

*And meet a bunch of your boyfriends? gusto niyang sabihin pero iba ang lumabas sa bibig.*

“I will, soon. Sige na, magpapahinga na ako. I’m tired.”

“I love you, Sam,” pahabol nito.

“Yeah, ‘bye.’”

Uminat-inat siya bago tumuloy sa shower. Her plan for the rest of the day: SLEEP. Ayaw na muna niyang isipin kung paano babalikan ang dati niyang buhay rito. Or if she even had something to go back to. Kailangan niyang mag-umpisa sa simula.

She had a promising career in the States pero hindi niya nakikita ang sariling doon na magtrabaho habang-buhay. Kaya nakapagdesisyon siyang habang bata pa ay bumuo na ng sariling negosyo sa Pilipinas. Kung patatagalin pa niya ay baka mawalan na siya ng motivation na simulan pa ang kanyang plano.

Napakarami niyang dapat asikasuhin ngayong narrito na siya. Mula sa paghahanap ng lugar na matitirhan hanggang sa pagsimula ng negosyo; permits, locations, mga empleyado, and then projects. It was going to be tough, but she would get through.

She might appear indifferent, and happy-go-lucky

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

pero goal-oriented siya. Marunong lang siyang mag-enjoy sa buhay. Mga bagay na hindi niya naranasan noong kabataan niya.

# 3

“Hindi ba kagagaling mo lang sa apartment n’yo? Bakit kailangan pa nating bumalik?” litong tanong ni Samantha. Ang alam niya ay dadaanan lang siya ni Lindsey sa hotel at mag-iikot-ikot na sila sa Manila then have a drink or two somewhere.

“May nakalimutan ako,” bale-wala nitong sagot habang mabilis na naglalakad patungo sa pinto ng apartment.

“I never would have guessed na makikipag-live-in ka. I mean, you’re too sweet and shy to do this. Parang hinintay mo lang akong umalis and then you let yourself go. And God, with Troy,” naibulalas niya nang maalalang si Troy ang kasama nito sa apartment na iyon.

“I’m older now,” simpleng sagot nito.

“But definitely not mature,” mabilis niyang pakli.

“Kung hindi lang kita kilala ay mao-offend na ako sa mga pinagsasabi mo.”

“But you know me, and you know I mean no offense.”

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

Nangingiting umikot ang mga mata nito at hinawakan ang door knob ng pinto. “Come here.”

Sumunod siya rito at nang matapat sa pinto ay saka iyon binuksan ni Lindsey.

“Welcome Home!” magkakasabay na sigaw ng mga nasa loob at may mga silly strings pang ini-spray.

Namimilog ang bibig na naestatwa siya sa pinto. Naroon ang mga college friends nila at mga dati niyang katrabaho. Sa wall na katapat ng pinto ay may malaking banner pa na may nakasaulat na ‘We missed you, Sam!’

Never in her wildest dream had she seen this coming. A surprise Welcome Back Party.

“Oh. My. God.” Hindi makapaniwalang naglakad siya papalapit sa mga ito.

“Welcome, Sam! Kumusta na?” Agad na lumapit sa kanya si Maricon na dati niyang katrabaho who was also close to her.

“I’m good. Hey, you gained weight,” bulalas niya.

Hindi niya napansin ang napiplilitang ngiti nito nang pag-umpukan na siya ng mga dating kakilala para sa walang-humpay na kumustahan.

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

Pagod na tinungo niya ang buffet table na may finger foods. Halos maubos ang boses niya sa pakikip-chika sa mga dating kaibigan. She could use a drink. Nasa living room ang lahat at may kani-kanyang grupo. Ang iba ay nagsasayawan pa. Umabot siya ng baso para sana lagyan ng punch nang may nakasabay ang kanyang kamay. Nang lingunin niya iyon ay si Troy.

He was wearing a plain white shirt and boxer shorts. Sa gulo nitong buhok ay halatang galing ito sa pagtulog.

“Oh... you’re here!” kunwa ay nabigla niyang saad.

Walang humor na nginitian siya nito at tumangotango habang sinasalinan ng whiskey ang baso. “Yeah, this is my house.” Nilingon siya nito bago muling nagsalita. “How’s the party? Enjoying it?”

“Napaka-sweet ni Lindsey. I mean hindi ko talaga ini-expect ’to. I don’t like most of the people here, but still! For her to even think of this... You’re so lucky to have her as your girlfriend.” Sa unang pagkakataon ay wala siyang ibig ipakahulugan sa sinabi but Troy frowned as if pinatamaan niya ito.

“I know that,” anito, sumipsip sa baso and then

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

continued after flinching. “Suwerte rin siya sa akin; one-woman man, professionally stable and not to mention handsome.”

“You forgot obnoxious, full of himself, anti-social, and uptight.”

Peke itong tumawa. “Sarili mo ba dini-describe mo?”

Kumunot-noo siya. “Hindi ko naman sinabing super sexy at oozing with sex appeal, di ba?” Nag-pose siya sa harap nito na tila modelo.

“And you said I’m full of myself,” naiiling nitong saad bago siya tinalikuran.

“Wait, wait!” habol niya.

Umiikot ang mga matang bumalik ang paningin nito sa kanya and she once again wanted to kick herself sa paghugot ng hininga when his eyes bored into hers. How could his annoyed yet tender looks toward her feel so comforting?

“The noise is really about to split my head, so tell me what you want fast,” inip na sabi nito.

Naiiling na inabot niya ang bag at kinuha ang isang maliit na paper bag at iniabot iyon dito. “Pasalubong ko sa ’yo.”

Kunot-noong kinuha nito ang paper bag at tila di-makapaniwaland tumingin sa kanya. “Ano ’to?”

“What is it with people na hawak na ang regalo, eh, tinatanong pa rin kung ano. Bakit di mo na lang buksan?” iritado niyang tanong. Mas iritado sa sarili dahil sa pag-entertain ng pinakaiingat-ingatang damdamin.

Hindi na ito kumibo at binuksan na lang ang paper bag. Nahawa siya sa ngisi nito nang tuluyang kuhanin ng binata ang laman niyon.

“Cellphone holder,” he said, his eyes sparkling with amusement.

Nangingiting tumango-tango siya, kinuha dito ang hawak na may nakaimprenta pang ‘I HEART NY’ para isabit sa leeg nito. Para siyang napaso nang dumampi ang kamay niya sa leeg nito. She wanted to pull away pero tila natulos siya sa posisyon nang magtama ang kanilang mga mata.

It was the closest they had been to each other physically, their lips just a few inches apart. She could smell his breath mixed with a little whiskey. From his smokey eyes, bumaba ang tingin niya sa mga labi nito. For a moment, she wanted to close the gap between them. Ramdam din niya ang pagbaba-taas

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

ng tingin nito sa mukha niya and a rush of unfamiliar excitement flooded her being. She could feel it in every fiber of her body.

“Oh, you bought him that?” mula kung saan ay bulalas ni Lindsey.

She almost jumped out of her skin pagkarinig sa boses ng kaibigan. She could hear her heart thumping nang makabawi at maibaba ang kamay at lingunin ito. Sinubukan niyang kaswal na tumango-tango.

“We...“ tumikhim siya para tanggalin ang tila nagbara sa kanyang lalamunan. “We have the same habit of forgetting our phones so I thought it’s perfect for him, too.” Pailalim niyang tinitigan si Troy na nakatingala, tila may gustong intindihin. Naiinis na ibinalik niya ang tingin kay Lindsey.

“See, Hon? She’s not mean at all!” natutuwang sabi nito at lumapit sa kanilang dalawa.

Parang disoriented na tumango-tango ang lalaki. “Yeah, this is very...” Napatikhim din ito nang kumapit si Lindsey sa braso nito. Pagkuwa'y nginitian ang kasintahan bago nagpatuloy, “...thoughtful.”

She smiled. “At least ngayon wala ka nang excuse na di mo matanggap ang mga tawag sa ‘yo.” She tried to sound annoyed but she thought her voice came

out wobbly.

“That’s perfect!” Si Lindsey na walang ideya kung ano ang nangyari. “By the way, Sam, hinahanap ka ni Edward, kadarating lang.”

“Who’s Edward?”

Sabay silang napalingon sa biglang tanong ni Troy na tuluyan nang nakabawi sa pangayayari.

“Sam’s ex!” excited na sagot ni Lindsey at hinarap siya. “Go and see him. Who knows? It might rekindle something,” panunuksa pa nito.

“Why not?” She said indulgingly para lang hindi na malagyan pa ng kulay ni Troy ang inakto niya. “See yah!” Hindi na niya hinintay pang makapagsalita ang dalawa at halos patakbo nang tinungo ang living room.

Naiiling na sumalampak si Troy sa single couch na nasa kuwarto. It was Sunday at wala silang pasok. He could join the party pero pinili niyang sabihin kay Lindsey na pagod siya upang maiwasan ang pangayayari katulad ng kanina.

Gusto niya talagang iwasan si Sam dahil sa kakaibang nararamdaman mula nang dumating ito pero hindi niya akalaing magiging ganoon iyong

katindi.

Why, he almost kissed her earlier! It was clearly not his mind doing it, dahil hanggang ngayon ay kinakastigo pa rin siya ng isip niya sa nararamdam. Napabuntong-hiningang muli siyang napailing. He had to get his mind off her.

---

“Wow, Sam, congratulations! This place looks great!” Naminilog ang mga matang inikot ni Lindsey ng tingin ang bagong bukas na opisina ni Samantha.

Napangiti siya, her best friend had a good taste kaya alam niyang hindi ito nagsisinungaling. Today was her opening at katatapos lang niyang i-cut ang ribbon ng bagong opisina sa Makati. Nakapag-hire na rin siya ng apat na magtatrabajo para sa kanya. It had been almost three months mula nang dumating siya galing States. Hindi siya halos makapaniwala na sa loob lang ng maikling panahong iyon ay nabuo na ang *Samantha Designs*.

“All these are your work?” Napalingon siya sa bisita na dati niya ring classmate na si Sally. Ngayon ay asawa na ito ng isang gobernador.

Tinitigan nito ang mga nakasabit na larawan. Kasama iyon sa portfolio niya na ginawang portraits

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

sa buong opisina. Bahagi iyon ng strategy para makita ng mga kliyenteng magtutungo roon ang mga dati niyang mga proyekto.

“Yup! That’s all me,” may pagmamalaki niyang sagot.

“Hindi na ako nagtataka kung bakit ka na-pirate agad ng ibang kompanya pagpunta mo ng America. You’re really good!” buong paghanga nitong sambit.

“Thank you, Sally.” Abot-tainga ang kanyang ngiti. “If you need any of my services, you know where to contact me.”

“Of course!” Tumango-tango ito.

“I am so proud of you, Sam,” ani Lindsey, hinawakan siya sa magkabilang balikat. “You’re gonna be a huge success! People will love your work at hindi magtatagal, magiging kilala ka na sa buong bansa!”

Napahalakhak siya. “Let’s not get ahead of ourselves. But, yeah, I have a good feeling about this. Ito na ang hinihintay kong break. I’m just so thankful na binisita mo ako sa America o hindi ko maiisip na umuwi dito,” totoo sa loob niyang pahayag.

Lindsey smiled at her tenderly. “And I’ll always

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

be around when you need me.”

“Same here, Best,” she answered without hesitation. “By the way, where were you last night?”

Sandali itong nag-isip. “Home, why?”

“I’ve been calling you, hindi ka sumasagot. Kailangan din ba kitang bilhan ng cellphone holder?”

Napailing ito. “Sinubukan mo sana sa landline.”

“I was calling your landline pero walang sumasagot kaya kita tinawagan sa cellphone.” Pinagmasdan niyang mabuti ang kaibigan at alam na niyang sa pagkakakagat-labi nito ay may itinatago ito sa kanya. “Wanna share your secret?”

Bigla ay nagliwanag ang mukha nito. “Oh, right! May photoshoot ako kagabi, nakalimutan ko. I left my phone in the car.”

“Photoshoot at ten in the evening?” nakataas ang dalawang kilay niyang muling tanong.

“Yeah, ’yun lang ang oras na bakante ang kliyente ko. You know how busy some people are.” Nagkibit-balikat ito.

Hindi man nakumbinsi sa sinabi ng kaibigan ay tinanguan na lamang niya ito. Lindsey would tell her

in her own time.

“Your office is neat!”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses at kahit alam na niya kung sino iyon ay hindi pa rin niya mapigilang mapasinghap nang mabungaran si Troy. In his usual shirt and slacks, he still never failed to mesmerize her. He was wearing a smirk on his face and God knows how much she missed it.

*Missed him.*

Huli niyang nakita ang binata sa welcome party na ginawa para sa kanya ni Lindsey. Sadya na niya itong iniwasan pagkatapos niyon sa takot sa nararamdaman. She could not stomach the thought of betraying her best friend. Ang isipin na may nararamdaman siya para sa boyfriend nito ay para nang krimen kaya hangga’t maaari ay siya na ang lumalayo.

Hindi niya inabala si Lindsey buong panahon na itinatayo niya ang negosyo. Hindi na rin niya ito inayang lumabas kahit may panahon siya. Whenever Lindsey invited her out at alam niyang may tsansa na naroroon din si Troy ay hindi siya dumarating.

Halos magtampo na sa kanya ang kaibigan sa pag-aakalang iniiwasan niya ito pero sa huli ay

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

nakukumbinsi niya ito na masyado lang siyang abala sa ginagawa.

Pinagdiinan niya kay Lindsey na ito lang ang imbitado sa opening kaya hindi niya mapigilang mapakunot-noo sa kabilang pag-somersault ng puso pagkakita sa binata.

“What are you doing here?” she managed to ask casually.

He shrugged. “It’s your grand opening.”

“Yeah, but I didn’t invite you,” diin niya.

Umikot ang mga mata nito at hinaram si Lindsey. “Okay, Hon. I’m going home.”

“No!” mabilis na pigil ng babae at pinandilatan siya. “You need him,” halos pabulong nitong sabi.

Mas lalong kumunot ang noo niya. “What are you talking about?”

Napangisi si Lindsey. “I was saving this for later.”

“What are you saving for later?” Si Troy na katulad niya ay hindi alam ang tinatakbo ng isip ni Lindsey.

“Wala pang client si Sam, and I thought that both of you could help each other.”

## *My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

“No way!” Agad na nakuha ni Troy ang sinasabing nobya. “No, I’m not hiring her firm.”

“Wait, what?” lito niyang singit.

Bumuntong-hininga muna si Lindsey bago sumagot.

“Troy purchased this restaurant which used to be very popular. Pero nalugi at hanggang ngayon ay hindi pa rin nag-o-operate dahil kailangan pa ng interior designs. Ayaw ni Troy ng dating design. At kailangan pa ng bagong crew and almost everything.

“Kaya naisip ko na since, wala ka pang clients, you could take the job. It’s gonna be the perfect pilot project for you para makilala dito sa Pilipinas. Troy’s family owns *Laroco Group of Companies*, at kung sila ang maging una mong client, it’s a big stepping stone for you,” mahaba nitong paliwanag.

“I told you Lindsey, that’s not possible. I cannot work with her!” hantarang pagtanggi ni Troy.

Dapat ay sanay na siya sa paraan ng pagsasalita nito sa kanya pero nang oras na iyon ay hindi niya maiwasang masaktan. It sounded as if he really hated her. Na isang maling kahangalan na magsama sila sa isang proyekto.

---

*My Best Friend's Boyfriend - Jade Anne Franco*

---

“Lindsey, I am grateful for your effort na magkaroon ako ng kliyente but we do hate each others’ guts,” derecho niyang pahayag, “kaya thank you na lang. Not in a million years would I even think of working with him. I detest his arrogance and everything about him. And I don’t think anything I do would ever satisfy him. So, no thanks, Lindsey,” she declared.